5

**Republic of the Philippines**
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# Baitang 5 FILIPINO Modyul 2

**Development & Editorial Team**

| | |
|---|---|
| **Writer:** | Ms. Fe S. Necesario |
| **Illustrator:** | Ms. Fe S. Necesario |
| **Layout Artist:** | Ms. Anna Lisa T. Magbitang |
| **Content Editors:** | Mrs. Ofelia F. Cruz Ms. Marites M. Tabor Mr. Angelo C. Espiritu |
| **Language Editor:** | Mrs. Ofelia F. Cruz Ms. Marites M. Tabor Mr. Jeremiah V. Castro |
| **Management Team:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR<br>Dr. Mauro C. De Gulan, SDS SDO-Malabon City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR<br>Dr. Josefina M. Pablo, CID Chief SDO-Malabon City<br>Dr. Ma. Gloria G. Tamayo EPS, FILIPINO - NCR<br>Dr. Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR<br>Ms. Ofelia F. Cruz SDO EPS, Filipino MTB Malabon City<br>Ms. Dalisay E. Esguerra, LR EPS SDO-Malabon City<br>Ms. Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Ms. Ana Lisa M. Mesina, PDOII SDO-Malabon City |

**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)**

# MODYUL 2: PAGSUSUNOD-SUNOD NG MGA PANGYAYARI (KRONOLOHIKAL NA PAGKAKASUNOD-SUNOD) PAGBUBUO NG MGA TANONG MATAPOS MABASA ANG ISANG SALAYSAY

## Inaasahan

- Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa tekstong napakinggan/nabasa (kronolohikal na pagkakasunod-sunod) F5PN-IIIB-8.4
- Nakabubuo ng mga tanong matapos mapakinggan/mabasa ang isang salaysay F5PS-IIIB-E-3.1

## Unang Pagsubok

**Panuto:** Basahin ang teksto. Pagsunod-sunurin ang mga pagdiriwang ayon sa buwan kung kailan sila nagaganap sa pamamagitan ng paglalagay ng letrang A-G.

**Mga Pagdiriwang sa Pilipinas sa loob ng isang Taon**

Nakagawian na ni Mila ang paggunita sa iba't ibang pagdiriwang sabawat buwan sa loob ng isang taon. Masaya siya kapag Bagong Taon dahil maraming handang pagkain at malalakas na putukan. Kapag Araw ng mga Puso ay binibigyan naman niya ng munting regalo ang kanyang nanay, tatay at guro. Nakikiisa siya sa paggunita ng Araw ng Kagitingan at Araw ng Paggawa. Tuwing Araw ng Kalayaan, lagi siyang nagpupunta ng Luneta upang dumalo sa pagtataas ng watawat. Kapag Buwan ng Wika naman, siya ay sumasali sa mga timpalak na ginaganap sa paaralan. Sa Araw ng mga Patay lagi siyang kasama ng kanyang nanay sa pagdalaw sa sementeryo. Tuwing Pasko naman ay masaya siyang namamasko sa kanyang mga ninong at ninang.

______Nakikiisa siya sa paggunita ng Araw ng Kagitingan at Araw ng Paggawa.

______Tuwing Pasko naman ay masaya siyang namamasko sa kanyang mga ninong at ninang.

______Masaya siya kapag Bagong Taon dahil maraming handang pagkain at malalakas na putukan.

______ Kapag Buwan ng Wika naman, siya ay sumasali sa mga timpalak na ginaganap sa paaralan.

______Kapag Araw ng mga Puso ay binibigyan naman niya ng munting regalo ang kaniyang nanay, tatay at guro.

______Sa Araw ng mga Patay lagi siyang kasama ng kaniyang nanay sa pagdalaw sa sementeryo.

______Tuwing Araw ng Kalayaan, lagi siyang nagpupunta ng Luneta upang dumalo sa pagtataas ng watawat.

B. Bumuo ng mga tanong tungkol sa akda. Maaaring magsimula ang tanong sa:

a. Ano ___________________________________________
b. Ilan ___________________________________________
c. Kailan _________________________________________

## Balik-Tanaw

**Panuto:** Tukuyin kung ang salitang naglalarawan ay ginamit bilang pang-uri o pang- abay. Isulat ang wastong sagot sa sagutang papel.

1. **Mabagal** magsulat ang batang iyon.
2. Ang pagong ay **mabagal.**
3. **Malakas** kumain ang aking anak.
4. **Malakas** ang katawan ni Lolo Simon.
5. **Masarap** magluto si Nanay.

## Maikling Pagpapakilala sa Aralin

**Panuto:** Basahin at unawain.

**Ang Talambuhay ni Andres Bonifacio**

Si Andres Bonifacio ay ipinanganak sa Tondo, Maynila noong ika-30 ng Nobyembre, 1863. Ang kanyang mga magulang ay sina Santiago Bonifacio at Catalina de Castro. Siya ay nag-aral ng alpabeto sa ilalim ng pamamatnubay ni Guillermo Osmeña ngunit, nahinto siya sa pag-aaral nang mamatay ang kaniyang mga magulang noong taong 1877. Sa edad na 14, siya na ang nag-alaga sa kanyang mga nakababatang kapatid na sina Ciriaco, Procopio, Espiridiona, Troadio, at Maxima. Nagtinda siya ng baston at pamaypay upang may pantustos sa kanilang pangangailangan. Kalaunan, siya ay nagtrabaho bilang mensahero sa kumpanyang Fleming and Company.

Mahilig siyang magbasa ng mga nobela lalo na ang mga gawa nina Victor Hugo, Jose Rizal, at Eugene Sue. Nagkaroon din siya ng interes sa talambuhay ng mga pangulo ng Amerika at French Revolution na maaaring dahilan upang magkaroon siya ng mas malawak na pag-unawa sa kalagayang panlipunan at pagkakapantay-pantay ng tao.

Matapos ang pagkakadakip at pagpapatapon kay Jose Rizal sa Dapitan, nakita ng mga Pilipino na kailangan ang ibang paraan ng pakikipaglaban upang matigil na ang kalupitan at paghihirap na dinaranas sa kamay ng mga mananakop na Espanyol. Kaya naman noong ika-7 ng Hulyo 1892, kasama sina Valentin Diaz, Teodoro Plata, Ladislao Diwa, Deodato Arellano at iba pa ay itinatag ni Andres Bonifacio ang samahang tinawag na KKK o Kataastaasan Kagalang- galangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan, na mas kilala bilang Katipunan. Isa sa mga pangunahing layunin ng samahang ito ay ang makamit ang Kalayaan ng Pilipinas mula sa Espanya. Mabilis na dumami ang kasapi ng Katipunan maging sa iba't ibang panig ng Pilipinas at kahit mga kababaihan ay naging kasapi rin ng samahang ito. Sa

katunayan, ang asawa ni Andres Bonifacio na si Gregoria de Jesus ay kasapi rin nito at kilala sa simbolikong pangalang "Lakambini".

Noong Mayo 1896, nagplano na sila na maghimagsik laban sa mga Kastila, ngunit hindi ito natuloy sapagkat natuklasan ito ng mga Kastila. Noong ika-23 ng Agosto, 1896, maraming Katipunero ang sumama sa kanya sa Pugad Lawin sa Balintawak at doon ay sabay-sabay nilang pinunit ang kanilang mga sedula.

Sa gitna ng rebolusyon ay may namuong alitan sa pagitan ng Magdalo at Magdiwang, mga paksyon ng Kapitan sa Cavite. Nais ng Magdalo na magtatag ng bagong samahan sapagkat nabunyag na ang Katipunan, samantala nais naman ng Magdiwang na ipagpatuloy ang Katipunan at ang pamumuno nito. Isinagawa ang Kumbensyon sa Tejeros at sa pagpupulong na ito ay nanaig ang kagustuhan ng Magdalo. Itinatag ang isang bagong pamahalaan ng mga Pilipino at nahalal si Emilio Aguinaldo bilang pangulo, si Mariano Trias naman ang Pangalawang Pangulo at si Bonifacio ang Direktor ng Interyor. Hindi sinang-ayunan ni Daniel Tirona, isang Magdalo ang pagkakahalal kay Bonifacio bilang Direktor ng Interyor sa kadahilanang ang posisyon na ito ay para lamang sa nakatapos ng pagka-abogado.

Nainsulto si Bonifacio kaya't ginamit niya ang kanyang karapatan bilang Pinakamataas na Pinuno ng Katipunan, upang mapawalang bisa ang halalan. Subalit, para sa ibang dumalo sa Kumbensyon sa Tejeros ay si Aguinaldo na ang bagong Pangulo ng Republika. Kinasuhan si Bonifacio at ang kaniyang mga tagasunod ng kasong sedisyon at pagtataksil. Matapos ang paglilitis ay hinatulan siya ng parusang kamatayan. Noong ika-10 ng Mayo 1897, sa Bundok Nagpatong, ay isinagawa ang parusang kamatayan sa magkapatid na Procopio at Andres Bonifacio.

Subukin nating bumuo ng mga tanong tungkol sa talambuhay gamit ang mga sumusunod na panghalip pananong:

| Panghalip Pananong | Tanong |
|---|---|
| Ano | Ano ang pamagat ng tekstong binasa? |
| Sino | Sino-sino ang mga magulang ni Andres Bonifacio? |
| Saan | Saan siya ipinanganak? |
| Kailan | Kailan siya ipinanganak? |
| Ilan | Ilan silang magkakapatid? |
| Paano | Paano sila nabuhay matapos mamatay ang kanilang mga magulang? |
| Bakit | Bakit nais ipaulit ni Andres Bonifacio ang naganap na halalan? |

Kapag ikaw ay nakabubuo ng mga tanong tungkol sa iyong binasang teksto, ibig sabihin, nauunawaan mo ang iyong binasa.

Ngayon naman ay sagutin mo ang sumusunod na tanong:

1. Kaninong talambuhay ang binasa?
2. Kailan ipinanganak si Andres Bonifacio?
3. Ilang taon siya nang maulila sa magulang? Anong taon ito?
4. Kailan niya itinatag ang Katipunan o KKK?
5. Kailan sila nagplanong maghimagsik sa mga Kastila?
6. Kailan namatay si Andres Bonifacio?

Ihambing mo ang iyong sagot sa mga sagot sa ibaba.

1. Kay Andres Bonifacio
2. Si Andres Bonifacio ay ipinanganak noong Nobyembre 30, 1863.
3. Siya ay 14 na taong gulang nang maulila sa magulang noong taong 1877.
4. Itinatag niya ang Katipunan o KKK noong ika-7 ng Hulyo 1892.
5. Nagplano silang maghimagsik sa mga Kastila noong Mayo, 1896.
6. Namatay si Andres Bonifacio sa kabundukan ng Maragondon, Cavite noong Mayo 10, 1897.

Ano ang napansin mo sa mga petsang nakasaad sa mga sagot na iyong ibinigay? Tama! Magkakasunod ang mga petsa mula sa unang nangyari hanggang sa huling naganap. Ibig sabihin ang mga pangyayari ay nakaayos sa kronolohikal na pagkakasunod-sunod base sa petsa ng pangyayari.

Nakaayos nang kronolohikal ang mga pangyayari sa isang teksto kapag ito ay nakabatay sa isang baryabol tulad ng edad, distansya, tindi, halaga, lokasyon, posisyon, bilang, dami at iba pa.Sa talambuhay ni Andres Bonifacio, ang ating pinagbatayan ay petsa.

## Gawain

A. **Panuto:** Bumuo ng mga katanungan batay sa talambuhay ni Andres Bonifacio. Isulat ang mga ito sa iyong sagutang papel.

| Panghalip Pananong | Tanong |
|---|---|
| Ano | |
| Sino | |
| Saan | |
| Kailan | |
| Ilan | |

| | |
|---|---|
| Paano | |
| Bakit | |

**B. Panuto:** Basahin ang tekso at ayusin ang mga pangyayari ayon sa kronolohikal na pagkakasunud-sunod. Lagyan ng bilang 1-4.

**Ang Masipag at Maaasahang Tindera**

Limang taon pa lamang si Rita ay kasa-kasama na siya ni Aling Petra sa pagtitinda sa palengke. Tumutulong siya sa pagtitinda. Pagsapit niya ng pitong taon ay marunong na siyang magsukli mag-isa. Humanga sa kaniya ang mga kapitbahay nila. Noong siyam na taon na si Rita ay naiiwan na siyang mag-isa sa tindahan dahil marunong na talaga siyang magtinda. Maagang gumigising, nagbabantay ng tindahan habang namimili ng gulay na ititinda ni Aling Petra. Masipag siya at matulunging bata. Lalo pang kinakitaan ng ibayong sipag si Rita nang sumapit ang kaniyang ikalabingwalong taong kaarawan dahil nagbukas na siya ng kaniyang sariling tindahan upang makatulong sa pamilya. Kaya naman tinawag siyang masipag at maaasahang tindera ng lahat sa kaniyang paligid.

_____ Si Rita ay naiiwang mag-isa sa tindahan dahil marunong na talaga siyang magtinda.

_____ Hanggang sa huli, si Rita ay nakapagbukas na ng sarili niyang tindahan.

_____ Sa pagtulong niya sa pagtitinda natuto siyang magsukling mag-isa

_____ Kasa-kasama ni Aling Petra sa pagtitinda sa palengke si Rita.

**C. Panuto:** Bumuo ng mga tanong mula sa tekstong inyong binasa sa pamamagitan ng paglalagay ng tamang pananong:

1. _______ ang kasa-kasama ni Aling Petra sa pagtitinda sa palengke?
2. _______ taong gulang si Rita nang magsimula siyang sumama sa pagtitinda kay Aling Petra?
3. _______ humahanga kay Rita ang kaniyang mga kapitbahay?
4. _______ ang ginagawa ni Rita habang namimili ng mga gulay na ititinda si Aling Petra?
5. _______ nagbukas si Rita ng kaniyang sariling tindahan?

## Tandaan

Ang pagbubuo ng tanong ay sinisimulan sa pamamagitan ng paggamit ng mga salitang patanong tulad ng sino, ano, saan, kailan, ilan, bakit, paano at iba pa. Kapag ikaw ay nakabubuo ng mga tanong tungkol sa iyong binasang teksto, ibig sabihin, nauunawaan mo ang iyong binasa.

Sa kronolohikal na pagsusunod-sunod naman ng pangyayari sa teksto, ito ay inilalahad sa isang paraan batay sa isang tiyak na baryabol tulad ng edad, distansya, tindi, halaga, lokasyon, posisyon, bilang, dami at iba pa.

## Pag-alam sa Natutuhan

A. **Panuto:** Basahin ang teksto at ayusin ang mga pangyayari ayon sa kronolohikal na pagkakasunod-sunod. Lagyan ng letrang A-E.

Ang mag-asawang Francisco Mercado at Teodora Alonzo Realonda na nakatira sa Calamba, Laguna ay biniyayaan ng labing-isang anak. Ang kanilang panganay ay si Saturnina Rizal na ipinanganak noong 1850 at may palayaw na Neneng. Sumunod na taon, Marso 9, 1851 ay ipinanganak naman si Paciano Rizal. Pagsapit ng 1852 ay isinilang naman ang pinakamatulunging kapatid na babae ni Dr. Jose Rizal na si Narcisa. Si Olympia naman ay ang ikaapat na anak na ipinanganak noong 1855. Taong 1857 naman nang isilang ang tinaguriang "kahati sa paghihirap ng bayani" na si Lucia. Makalipas ang dalawang taon, 1859 nang makakita ng liwanag ang pang-anim na anak na si Maria. Sumunod namang isinilang noong Hunyo 19, 1861 ang ating Pambansang bayani, Dr. Jose Rizal. Isang taon naman ang lumipas, si Concepcion o "Concha" naman ang ipinanganak (1862) subalit namatay din agad sa edad na tatlong taon. Si Jose Rizal ay ang ikasiyam na anak sa pamilya. Taong 1868 naman nang isilang ang pansampu sa magkakapatid na si Trinidad. Si Soledad, bunso ng pamilya, ay nakakita ng liwanag ng taong 1870.

_____ Taong 1857 naman ng isilang ang tinaguriang "kahati sa paghihirap ng bayani" na si Lucia.
_____ Si Soledad, bunso ng pamilya, ay nakakita ng liwanag ng taong 1870.
_____ Ang kanilang panganay ay si Saturnina Rizal na ipinanganak noong 1850 at may palayaw na Neneng
_____ Sumunod namang isinilang noong Hunyo 19, 1861 ang ating Pambansang bayani, Dr. Jose Rizal.
_____ Makalipas ang dalawang taon, 1859 nang makakita ng liwanag ang pang-anim na anak na si Maria.

B. **Panuto:** Bumuo ng mga tanong mula sa binasang teksto gamit ang mga sumusunod na panghalip pananong.

- Ilan
- Sino
- Ano
- Saan
- Kailan

## Pangwakas na Pagsusulit

**A. Panuto:** Basahin ang teksto at iayos sa kronolohikal na pagkakasunod-sunod ang mga pangyayari. Lagyan ng bilang 1-5.

Ang ating *solar system* ay may walong planeta. Nasa gitna nito ang araw na siyang nagbibigay liwanag at *gravity* sa mga planeta. Pinakamalapit sa araw at pinakamabilis ang planetang *Mercury*. Sumunod sa kanya ang pinakamainit na planetang *Venus*. Pangatlo naman ang tanging planeta na may nananahan na mga nabubuhay na nilalang, ang *Earth*. Pang-apat mula sa araw ay ang *Mars* na kinikilalang pulang planeta. Sumunod dito ang *Jupiter* na pinakamalaki sa lahat. Ang mala-singsing na planetang *Saturn* naman ang pang-anim. Pampito ang *Uranus* na sinasabing planetang tagilid na umuulan ng mga diyamante. Pinakahuli ang *Neptune* na sinasabing pinakamahanging planeta. Ang *Pluto* na dating pansiyam ay tinanggal na noong 1990s dahil hindi nito taglay ang iba pang katangian gaya ng ibang mga planetang kalapit nito.

______ Sumunod dito ang *Jupiter* na pinakamalaki sa lahat.

______ Pinakamalapit sa araw at pinakamabilis ang planetang *Mercury*.

______ Pampito ang *Uranus* na sinasabing planetang tagilid na umuulan ng mga diyamante.

______ Pangatlo naman ang tanging planeta na may nananahan na mga nabubuhay na nilalang, ang *Earth*.

______ Pang-apat mula sa araw ay ang kinikilalang pulang planetang *Mars*.

**B. Panuto:** Bumuo ng mga tanong mula sa tekstong inyong binasa. Gamitin ang mga panghalip pananong na:

1. Ano
2. Alin
3. Saan
4. Kailan
5. Bakit

## Susi sa Pagwawasto

**Unang Pagsubok**

**A.** C, G, A, E, B, F, D

**B.** 1. Ano ang pamagat ng teksto?
2. Ilan ang buwan sa isang taon?
3. Kailan ipinagdiriwang ang Araw ng Kalayaan?
(Maaring tanggapin ang malapit na sagot)

**Balik-Tanaw**

1. Pang-abay
2. Pang-uri
3. Pang-abay
4. Pang-uri
5. Pang-abay

**Gawain**

**A.** Maaaring magkaroon ng ibang sagot ang mga mag-aaral

**B.** 3, 4, 2, 1

**C.**

1. Sino
2. Ilang
3. Bakit
4. Ano
5. Kailan

**Pag-alam sa Natutuhan**

**A.** B, E, A, D, C

**B.** 1. Ilang magkakapatid ang Pamilya Rizal?
2. Sino ang kanilang ina?
3. Ano ang palayaw kay Saturnina?
4. Saan sila nakatira?
5. Kailan ipinanganak si Dr. Jose Rizal?
*(Maaring tanggapin ang malapit na sagot )*

**Pangwakas na Pagsusulit**

**A.** 4, 1, 5, 2, 3

**B.** 1. Anong planeta ang pinakamalapit sa araw?
2. Alin ang tinaguriang masingsing na planeta?
3. Saan matatagpuan ang araw?
4. Kailan tinanggal ang Pluto bilang pansiyam na planeta?
5. Bakit natanggal ang Pluto sa mga planeta ng *solar system*?

**Sanggunian:**
DepEd Commons K12 MELC's